Karahasan sa Tahanan at Kustodiya sa Bata

Kung nagkaroon ng karahasan sa tahanan (karahasan sa tahanan o pang-aabuso ng kapareha) sa iyong pamilya, posibleng may mailapat na espesyal na batas sa iyong kaso.

Ano ang "karahasan sa tahanan"?

Tumutukoy ito sa panghahampas, paninipa, pananakot, pambabato ng mga bagay-bagay, pananabunot, panununulak, pagsunod sa mga pinupuntahan ng isang tao, panliligalig, sekswal na pang-aabuso, o pagbabanta na gawin ang alinman sa mga nabanggit. Kasama rin dito ang iba pang pagkilos na nagiging dahilan para matakot na masaktan, ma-isolate, o para hindi makakuha ng mga pangunahing pangangailangan ang isang tao, gaya ng pagkain. Puwedeng pasalita, pasulat, o pisikal ang karahasan sa tahanan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa karahasan sa tahanan, basahin ang form DV-500-INFO, ang *Makakatulong Ba sa Akin ang Isang Restraining Order para sa Karahasan sa Tahanan (Can a Domestic Violence Restraining Order Help Me)?*

Ano ang "kustodiya sa bata"?

Mayroon itong dalawang uri:

- Kapag may **pisikal na kustodiya** ang isang tao, regular niyang nakakasama ang bata sa bahay.
- Kapag may **legal na kustodiya** naman ang isang tao, gumagawa siya ng mahahalagang pasya tungkol sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at kapakanan ng bata.

Kailan nakakaapekto ang karahasan sa tahanan sa aking kaso?

Sa nakalipas na 5 taon, mayroon bang magulang sa kasong ito na:

1. Nahatulan sa isang pangkrimeng hukuman para sa karahasan sa tahanan laban sa isa sa mga sumusunod na tao:

- Isa pang magulang sa kaso para sa kustodiya;
- Sinuman sa iyong mga anak o sa mga kapatid ng iyong mga anak;
- Kanyang kasalukuyang asawa, o sa taong kasalukuyan niyang dine-date, sa tao kung kanino siya engaged, o sa kasama niya sa bahay; o
- Kanyang magulang (lolo o lola ng iyong anak)?

2. Nagkaroon ng **hukom na nagpasyang** may ginawa siyang karahasan sa tahanan laban sa sinuman sa mga taong nakalista sa itaas? (Halimbawa: may ibinigay na restraining order ang hukom laban sa magulang pagkatapos magbigay ng testimonya at katibayan ng mga tao.)

Kung oo ang isinagot mo sa 1 o 2, may nailalapat na espesyal na batas sa iyong kaso.
Kung minsan, tinatawag ang espesyal na batas na ito na "3044" (tingnan ang pahina 2 para sa buong batas). Kung may isang taong hindi magulang ng iyong anak at humihingi ng kustodiya sa hukuman, nailalapat din sa kanya ang batas na ito. Kahit hindi nailalapat ang "3044" sa iyong kaso, dapat mong ibigay sa hukom ang anumang impormasyon tungkol sa karahasan sa tahanan o pang-aabuso na sa palagay mo ay makakatulong sa hukom na magpasya sa kung sino ang bibigyan ng kustodiya.

Paano nakakaapekto ang "3044" sa iyong kaso

Puwede lang magbigay ang hukom ng kustodiya sa isang taong **nahatulan o napagpasyahan** nang gumawa ng karahasan sa tahanan kung sa palagay ng hukom ay makakabuti ito sa bata. May 8 salik na isasaalang-alang ang hukom:

1. Ano ang makakabuti sa bata?
2. May iba pa bang ginawang karahasan sa tahanan ang nasabing indibiwal?
3. Sinunod ba ng indibidwal ang lahat ng tuntunin at kundisyon ng anumang restraining order?

JUDICIAL COUNCIL OF CALIFORNIA
OPERATIONS AND PROGRAMS DIVISION
CENTER FOR FAMILIES, CHILDREN & THE COURTS

May natapos ba ang indibidwal na 1 taong programa ng pamamagitan para sa batterer?

4. May natapos ba ang indibidwal na programa sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga, kung may ipinag-utos na ganito ang hukom?

5. May natapos ba ang indibidwal na klase sa pagiging magulang, kung may ipinag-utos na ganito ang hukom?

6. Kung naka-probation o naka-parole ang indibidwal, sinunod ba niya ang lahat ng tuntunin ng probation o parole?

7. Mayroon pa rin bang armas (baril) o ammunition ang indibidwal, na labag sa isang restraining order?

Dapat gawin ng hukom ang pagsusuring ito na may 8 salik sa bawat kasong napaglalapatan nito, kahit na may propesyonal o tagasuri ng hukuman na magbigay ng rekomendasyon sa iyong kaso. Para matuto pa tungkol sa proseso ng kustodiya sa family court, bumisita sa https://selfhelp.courts.ca.gov/what-to-know-about-child-custody-parenting-time.

Seksyon 3044 ng Kodigo ng Pamilya

(a) Kapag napag-alaman ng hukuman na may ginawang karahasan sa tahanan ang isang panig na humihiling ng kustodiya sa isang bata sa nakalipas na limang taon laban sa kabilang panig na humihiling din ng kustodiya sa bata, o laban sa bata o mga kapatid ng bata, o laban sa isang taong nasa subparagraph (A) ng talata (2) ng subdivision (a) ng Seksyon 3011 kung kanino may kaugnayan ang nasabing panig, may pagpapalagay na puwedeng pabulaanan (rebuttable presumption) na hindi makakabuti sa bata, alinsunod sa Seksyon 3011 at 3020 ang pagbibigay ng sole o joint na pisikal o legal na kustodiya sa bata sa taong gumawa ng karahasan sa tahanan. Ang pagpapalagay na ito ay mapapabulaanan lang ng mabigat na katibayan.

(b) Para mangibabaw sa pagpapalagay na nakasaad sa subdivision (a), dapat matukoy ng hukuman na natutugunan ang talata (1) at sinusuportahan ng talata (2), nang balanse, ang mga napag-alaman sa Seksyon 3020.
(1) Naipakita ng perpetrator ng karahasan sa tahanan na makakabuti sa bata ang pagbibigay ng sole o joint na pisikal o legal na kustodiya sa bata sa nasabing perpetrator alinsunod sa Seksyon 3011 at 3020.
Sa pagtukoy sa makakabuti sa bata, ang kagustuhan sa madalas at patuloy na pakikipag-ugnayan sa parehong magulang, gaya ng nakasaad sa subdivision (b) ng Seksyon 3020, o sa hindi custodial na magulang, gaya ng nakasaad sa talata (1) ng subdivision (a) ng Seksyon 3040, ay hindi puwedeng gamitin para pabulaanan ang pagpapalagay nang ganap o hindi ganap.
(2) Mga karagdagang salik:
(A) Matagumpay na nakakumpleto ang perpetrator ng programa sa treatment ng batterer na nakakatugon sa mga pamantayan sa subdivision (c) ng Seksyon 1203.097 ng Kodigo Penal.
(B) Matagumpay na nakakumpleto ang perpetrator ng programa ng pagpapayo para sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga, kung napagpasyahan ng hukuman na naaangkop ang pagpapayo.
(C) Matagumpay na nakakumpleto ang perpetrator ng klase sa pagiging magulang, kung napagpasyahan ng hukuman na naaangkop ang klase.
(D) Naka-probation o naka-parole ang perpetrator, at nasunod o hindi niya nasunod ang mga tuntunin at kundisyon ng probation o parole.
(E) Pinaghihigpitan ng protective order o restraining order ang perpetrator, at nasunod o hindi niya nasunod ang mga tuntunin at kundisyon nito.
(F) May ginawang iba pang karahasan sa tahanan ang perpetrator ng karahasan sa tahanan.
(G) Napag-alaman ng hukuman, alinsunod sa Seksyon 6322.5, na pinaghihigpitang indibidwal ang perpetrator na may hawak o kinokontrol na armas o ammunition, na labag sa Seksyon 6389.

(c) Para sa mga layunin ng seksyong ito, “gumawa ng karahasan sa tahanan” ang isang indibidwal kapag natukoy ng hukuman na ang nasabing tao ay sadya o walang pag-iingat na nagdulot ng o nagtangkang magdulot ng pinsala sa katawan, o sekswal na pang-aabuso, o naglagay sa isang tao sa nakaambang panganib ng malalang pinsala sa katawan sa taong iyon o sa iba pang tao, o nakibahagi sa gawi na nauugnay, pero hindi limitado sa pagbabanta, panghahampas, panliligalig, paninira ng personal na kagamitan, panggugulo, o para sa anumang sitwasyon kung saan posibleng maglabas ang hukuman ng ex parte order alinsunod sa Seksyon 6320 para maprotektahan ang kabilang panig na humihiling ng kustodiya sa bata o para maprotektahan ang bata o ang mga kapatid ng bata.

(d) (1) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang kinakailangan sa pangangalap ng impormasyon ng hukuman ay matutugunan sa pamamagitan ng, bukod sa iba pang bagay, at hindi limitado sa, katibayang nahatulan sa nakalipas na limang taon ang isang panig na humihiling ng kustodiya, pagkatapos ng paglilitis o plea na guilty o no contest, para sa isang krimen laban sa kabilang panig na pasok sa kahulugan ng karahasan sa tahanan na nakapaloob sa Seksyon 6211 at ng pang-aabuso na nakapaloob sa Seksyon 6203, kasama ang, pero hindi limitado sa, isang krimeng inilalarawan sa subdivision (e) ng Seksyon 243 ng, o Seksyon 261, 273.5, 422, 646.9 ng, o dating Seksyong 262 ng, Kodigo Penal (Penal Code).
(2) Matutugunan din ang kinakailangan sa pangangalap ng impormasyon ng hukuman kung may napag-alaman ang hukuman, kahit didinigin pa lang o nadinig na ng

hukumang iyon ang mga paglilitis para sa kustodiya ng bata o hindi pa, kaugnay ng subdivision (a) batay sa gawi sa nakalipas na limang taon.

(e) Kapag napag-alaman ng hukuman na may ginawang karahasan sa tahanan ang isang panig, hindi lang sa mga konklusyon ng isang tagasuri ng kustodiya sa bata o sa rekomendasyon ng mga staff ng Family Court Services ibabatay ng hukuman ang pasya nito, isasaalang-alang din nito ang anumang admissible na katibayang isusumite ng mga panig.

(f) (1) Layunin ng Lehislatura na ipakahulugan ang subdivision ito nang naaayon sa pasya sa Jaime G. v. H.L. (2018) 25 Cal.App.5th 794, na nag-aatas na gumawa ang hukuman, sa pagtukoy kung napangibabawan na ang pagpapalagay sa subdivision (a), ng mga partikular na pangangalap ng impormasyon sa bawat isa sa mga salik sa subdivision (b).
(2) Kung matutukoy ng hukuman na napangibabawan ang pagpapalagay sa subdivision (a), isasaad ng hukuman ang mga napag-alaman nito sa pamamagitan ng pagsulat o pagtatala sa kung paano natutugunan ang paragraph (1) ng subdivision (b) at kung bakit sinusuportahan ng mga salik sa talata (2) ng subdivision (b), nang balanse, ang mga napag-alaman sa Seksyon 3020.

(g) Sa pagdinig o paglilitis nang may katibayan, kung saan humihiling ng mga kautusan sa kustodiya at kung saan may ipinaparatang na karahasan sa tahanan, magpapasya ang hukuman kung nalalapat ba ang seksyong ito bago ito maglabas ng kautusan sa kustodiya, maliban na lang kung matutukoy ng hukuman na kinakailangan ng pagpapatuloy para malaman kung nailalapat ang seksyong ito, at sa ganoong sitwasyon, puwedeng maglabas ang hukuman ng pansamantalang kautusan sa kustodiya para sa makatuwirang tagal ng panahon, basta't nakakasunod ang kautusan sa Seksyon 3011 at 3020.

(h) Sa isang paglilitis para sa kustodiya o restraining order, kung saan ipinaparatang ng isang panig na may ginawang karahasan sa tahanan ang kabilang panig alinsunod sa mga tuntunin ng seksyong ito, ipapabatid ng hukuman sa parehong panig ang tungkol sa seksyong ito, at bibigyan nito ang mga nasabing panig ng kopya ng seksyong ito bago ang pamamagitan para sa kustodiya sa kaso.